REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan

**KAPASIYAHAN BILANG 91-228**

**KAPASIYAHAN NA NAGSASAAD NG PAGKAKALOOB NG TULONG-PANANALAPI SA LUNGSOD NG ORMOC, LEYTE NA MALUBHANG SINALANTA NG BAGYO NG HALAGANG ISANDAANG LIBONG PISO (P100,000.00).**

**********************************************************************

**SAPAGKAT,** likas na kaugalian ng bawat Pilipino ang pagiging matulungin at mapagmahal sa kapwa;

**SAPAGKAT,** ang Lungsod ng Ormoc sa Leyte ay dumadanas ng labis na paghihirap sanhi ng mapamuksang bagyo na dumatal sa lugar na ito;

**SAPAGKAT,** libo-libong buhay ang nasawi at milyon-milyong ari-arian ang nawasak na dinulot ng bagyo sa Lungsod ng Ormoc;

**SAPAGKAT,** ang mapapalad na nakaligtas sa malakas na pagbagyo ay dumadanas naman ng gutom at sakit sa kasalukuyan;

**SAPAGKAT,** ngayon at higit kailan man dapat maipagkakaloob ang ating tulong sa ating mga kababayan sa Lungsod ng Ormoc na labis-labis ang pighati at lumbay dahil sa pagkawala ng mga mahal sa buhay at ipinundar na kabuhayan;

**SAPAGKAT,** ang tulong na ating ipagkakaloob ay bilang pasasalamat na rin at ang ating bayan ay mapalad at hindi nakakadanas ng mga malalagim na kalamidad.

**NGAYON, DAHIL DITO,** ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay pinagpasiyahan at muling pinagpasiyahan na pagkalooban ng tulong-pananalapi sa Lungsod ng Ormoc, Leyte na malubhang sinalanta ng bagyo ng halagang Isandaang Libong Piso (P100,000.00).

**PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA NG SANGGUNIANG BAYAN NG MUNTINLUPA, KALAKHANG MAYNILA** sa kanilang pang 179th regular na pagpupulong na ginanap ngayong ika-18 ng Nobyembre, 1991 sa Bulwagan ng People's Center.

**MGGL. IGNACIO R. BUNYE**
Punong Bayan/Pangulong Opisyal

**MGGL. JAIME R. FRESNEDI**
Pang. Punong Bayan/Pang. Pangulong Opisyal

**KGG. CARLO G. TENSUAN**
Konsehal

**KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ**
Konsehal

**KGG. EPIFANIO A. ESPELETA**
Konsehal

**KGG. REY E. BULAY**
Konsehal

**KGG. LUCIO B. CONSTANTINO**
Konsehal

**KGG. ROMAN E. NIEFES**
Konsehal

**KGG. NEMESIO O. MOZO**
Konsehal

**KGG. RUFINO B. JOAQUIN**
Konsehal

**KGG. ROGER C. SMITH**
Konsehal

**KGG. NOLASCO L. DIAZ**
Konsehal

**KGG. VICENTE Y. CHUA**
Konsehal

**PINATOTOHANAN :**

**PETER B. SALONGA**
Pambayang Kalihim

**PBS/cpa**